# Ang Karanasan ng mga Piling Dalubguro ng PUP Departamento ng Kasaysayan sa Pagtuturo ng Asignaturang *Readings in Philippine History* sa Panahon ng Pandemya /

# *The Experience of Selected Faculty of the PUP Department of History in Teaching Readings in Philippine History Course During the Pandemic*

Kevin Paul "Ose" D. Martija
University of the Philippines–Los Baños
kdmartija@up.edu.ph

Naging isang malaking hamon sa sektor ng edukasyon ang nakalipas na dalawang taong pampanuruan. Mula sa nakasanayang moda ng tradisyonal na pagtuturo, napilitan ang lahat na yakapin ang *distance learning* bilang paraan ng pagtatawid ng pagkatuto sa panahon na umiiral ang mga restriksiyon ng mga pampublikong pagtitipon dulot ng pandemyang hatid ng COVID-19 virus. Isa sa mga pinakaapektado ay ang pagtuturo ng asignaturang Readings in Philippine History sa kolehiyo lalo pa't nakatuon ang layunin at kahingian ng kurso sa mga bagay na nangangailangan sana ng pisikal na interaksiyon. Naging isang malaking hamon ito sa mga gurong nagtuturo ng nasabing asignatura. Sa ganang ito, sasalaysayin ng papel ang karanasan ng limang dalubguro mula sa Departamento ng Kasaysayan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas–Sta. Mesa sa pagtukoy kung papaano hinubog ng mga umiiral na institusyonal na polisiya, pangangailangan, at kakayahan ng mga mag-aaral, at mga personal nilang karanasan ang naging direksiyon ng pagtuturo nila ng RIPH sa apat na semestre ng taong pampanuruang 2020–2021 at 2021–2022.

**Mga Susing Salita**: Asignaturang Kasaysayan; Dalubguro; Distance Learning; Flexible Learning; Readings in Philippine History

*The past two years have been challenging for the sector of education. From the traditional mode of teaching, we are all forced to embrace distance learning as a way to bridge learning, in a time when public gatherings are restricted due to the COVID-19 pandemic. One of the most affected by distance learning is the teaching of the course Readings in Philippine History in college, especially because some of its goals and activities require physical interaction. It caused many difficulties for those who are teaching the course. In this regard, the paper will narrate the experiences of five professors from the Department of History of Polytechnic University of the Philippines–Sta. Mesa to identify how existing institutional policies, needs, student abilities, and personal experiences molded the directions of their teaching of RIPH during the four semesters of academic years 2020–2021 and 2021–2022. Adaptations made in teaching Philippine History course via distance learning, such as migrating to online platforms, creating modules, utilizing online readings, webinars, and virtual museums, will be tackled in this paper. On the other hand, challenges such as unstable Internet connection, prevalent cases of plagiarism, issues regarding student numbers, etc., will also be discussed.*

***Keywords***: *College Faculty, Distance Learning, Flexible Learning, Philippine History course, Readings in Philippine History*

Copyright © 2024 by De La Salle University

## PANIMULA

Naghatid ng malaking pagbabago sa buhay ng bawat tao ang pandemyang dulot ng COVID-19 virus. Matatandaang nagsimula ang pagtungo natin sa tinaguriang *new normal* ng magdesisyon ang pamahalaan noong kalagitnaan ng Marso 2020, alinsunod sa abiso ng World Health Organization, na magdeklara ng malawakang lockdown at isailalim sa quarantine ang buong bansa (Petty at Morales). Hindi lamang Pilipinas, buong mundo ay apektado't tumigil nga ang buhay ng mga tao. Matatandaang mahigpit na ipinagbawal ang pagtitipon ng mga tao. Limitado lang din sa mga *essential worker* tulad ng mga manggagawang medikal ang maaaring lumabas noong mga unang buwan ng lockdown. Kaugnay nito'y isinara ang anumang mga establisimyento na maaaring pagtipunan ng mga tao kagaya ng mga mall, pampublikong transportasyon, sinehan, at higit sa lahat, mga paaralan. Iilang linggo na lamang ang natitira noon sa taong pampanuruan 2019–2020 nang abutan ito ng deklarasyon ng pagsasailalim ng Pilipinas sa lockdown. Nagdulot nga ito ng kalituhan lalo't sa umpisa'y walang malinaw na direksiyon kung saan tutungo ang sektor ng edukasyon. Sa umpisa kasi'y naibalita na tatagal lamang ng ilang linggo ang lockdown hanggang sa umabot na nga ito ng ilang taon.

Malaki ang epekto nito sa hanay ng mga guro at mga mag-aaral. Sa mga buwan matapos magdesisyon ang mga pamantasan na yakapin ang "no-fail policy" para sa lahat ng mga mag-aaral ng ikalawang semestre ng 2019–2020, naging hamon sa sektor ng edukasyon ang pagbabalangkas ng mga alituntunin sa pagbubukas ng mga pamantasan sa unang semestre ng 2020–2021. Upang maitawid ang pagkatuto sa kabila ng mga umiiral na restriksiyon, niyakap ng sektor ng edukasyon at naging pandaigdigang praktika ang pagtungo sa *distance learning*. Primaryang naging direksiyon nito ay ang paglipat sa pagtuturo online. Sa ideya'y posible ang pagkatuto sa labas ng apat na sulok ng silid-aralan at sa halip na sa nakasanayang modalidad ng pagtuturo ay gagamit na lamang ng mga materyales gaya ng laptop, smartphone, o modyul. Usapin na lamang ng konektibidad sa Internet at naging realidad ang pagtuturo habang nasa loob na lamang ng sariling pamamahay.

Ngunit sa pagsasapraktika, maraming balakid ang lumitaw sa pagtungo ng sektor ng edukasyon sa distance learning. Isa sa mga pinakaapektadong asignatura ay ang pagtuturo ng Readings in Philippine History (RIPH) o Mga Babasahin Hinggil sa Kasaysayan ng Pilipinas. Nasa kalagitnaan ng mga puna sa estado ng pagtuturo ng Kasaysayan lalo't naging usapin ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng RIPH sa katotohanang walang asignaturang Kasaysayan sa high school bago at sa panahon ng pandemya. Batay naman sa iminumungkahing silabus ng RIPH, ang pangkabuuang layunin ng kurso ay:

> "Nilalayon ng kurso na maipakita sa mga mag-aaral ang iba't ibang bahagi ng kasaysayan ng Pilipinas sa pananaw ng mga saksi. Sa halip na asahan ang mga sekundaryang batis…Sa pagtatapos, inaasahang mauunawaan ng mga mag-aaral at mabibigyan ng pagpapahalaga ang ating mayamang nakaraan sa pamamagitan ng pagtatamo ng mga kamalayang mula sa mga táong mismong naging bahagi o saksi sa panahong naganap ang mga pangyayari sa kasaysayan." (Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon)

Bahagi nga ng tiyak nitong layunin kaugnay ng pagkakalantad sa mga primaryang batis ng mga mag-aaral ay ang pagsusuri ng nilalaman at konteksto, magamit ang mga impormasyong ito sa pagtatasa ng mga isyung pangkasaysayan, pag-uugnay nito sa mga isyung pangkasalukuyan, at katangi-tangi rin ang hangad ng kurso na makapagprodyus ng saliksik mula sa pagtungo sa mga aklatan, museo, at mga dambana. Binibigyang diin din nito ang kalahagahan ng pagtuklas at paglilinang ng kasanayan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng pagsasagawa ng mga pangkatang gawain. Sa huling bahagi halimbawa ng semestre, iminumungkahi bilang paraan ng paglilinang ng kasanayan sa pananaliksik ang mga sumusunod na gawain: makapagsalik "sa mga lokal na aklatan at lokal na sentro ng pag-aaral"; makapaglibot sa "sa mga lokal na museo, makasaysayang pook, mga galeriyang pansining, pook arkeolohiko, at iba pang pook na nagpapamalas ng kultura at pamana ng lahi"; at, "[m]akapagsagawa ng isang *oral interview*."

Mahalaga ang naturang mga gawain sa pag-abot ng pangkalahatang layunin ng RIPH gayundin ang tiyak nitong layunin na "maipakita ang interes sa lokal na kasaysayan at malasakit sa pagpapalaganap at preserbasyon ng pamanang pambansa at pangkultura." Samakatwid, sa esensiya, ang mga layunin na ito'y magaganap lamang sa aktuwal na pagkakalantad ng

mga mag-aaral sa mga datos pangkasaysayan upang masuri ito ng pisikal at gayundin, ang aktuwal na pagtungo sa iba't ibang pook na may kinalalaman sa kasaysayan at pananaliksik dito. Ang mga ito ay hindi naging posible sa pagtungo ng sektor ng edukasyon sa modalidad ng distance learning.

Sa pagtukoy sa estado ng pagtuturo ng RIPH sa ganitong realidad sa panahon ng pandemya, naging sentro ng saliksik ang karanasan ng mga dalubguro mula sa Departamento ng Kasaysayan sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kinapanayam ang limang dalubguro mula sa Departamento upang mabatid ang mga sumusunod mula sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng RIPH sa panahon ng pandemya at implementasyon ng distance learning. Naganap ang mga panayam sa magkakaibang mga araw mula Nobyembre 29 hanggang Disyembre 29 ng taong 2022. Naghanda ang mananaliksik ng mga katanungan ukol sa mga sumusunod na paksa: karanasan sa pagtuturo ng RIPH bago ang implementasyon ng distance learning; gunita sa pagdedeklara ng lockdown ilang linggo bago magtapos ang taong pampanuruang 2019–2020; suportang institusyonal na nakuha mula sa administrasyon ng PUP sa implementasyon ng distance learning; mga paghahanda at suportang nakuha sa Departamento; kaparaanan ng pagtuturo ng RIPH sa loob ng apat na semestre ng taong pampanuruan 2020–2021 at 2021–2022; proseso ng ebalwasyon at mga pinagawang aktibidad bilang alternatibo sa orihinal na kahingian ng kurso; at, mga balakid na lumitaw sa pagtuturo sa modalidad ng distance learning.

Malaking salik ang mga lumabas na mga atas mula sa pamunuan ng PUP sa naging karanasan nila sa pagtuturo ng RIPH sa panahon ng pandemya. Pinanday rin ang direksiyon ng pagtuturo ng RIPH ng sitwasyon ng kani-kanilang mga mag-aaral lalo pa't karamihan sa mga ito ay nagmula sa iba't ibang bahagi ng bansa na may magkakaibang pangangailangan at kakayahan. Kasama na rin dito ang ilang mga balakid na lumitaw dulot sa usapin ng kaasalan at bilang ng mga mag-aaral. Bukod rito'y malaking salik din ang personal nilang estado o kalagayan bilang dalubguro sa naging karanasan nila sa pagtuturo ng kasaysayan sa panahon ng pandemya.

Sa kabila ng pagtatala ng kanilang mga karanasan at mga saloobin hinggil sa mga ipinatupad at umiiral na alituntunin sa panahon ng implementasyon ng distance learning, marapat lamang na linawin na ang mga nakuhang impormasyon at pagtatasa sa saliksik na ito ay hindi opisyal na boses ng Departamento ng Kasaysayan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.

### *Ilang Tala sa Departamento ng Kasaysayan at Populasyon ng PUP*

Isa ang PUP sa iilang pamantasan sa Maynila na mayroong Departamento ng Kasaysayan. Sa mga pampublikong unibersidad, sila lamang ang may programang Batsilyer sa Kasaysayan. Sa ganang ito, minimum na kuwalipikasyon sa pagpasok bilang dalubguro sa Departamento ang pagkakaroon ng kadalubhasaan sa disiplina ng Kasaysayan sa antas Batsilyer man o Gradwado. Samakatwid, dalubhasa sa kani-kanilang larangan ang bawat dalubguro. Sa usapin naman ng kasalukuyang umiiral na kurikulum ng Pangkalahatang Edukasyon (General Education) ng Commission on Higher Education (CHED), sa kanilang departamento nakaatas ang pagtuturo ng asignaturang RIPH at siyempre pa, ang mandatoryong asignatura na Life and Works of Rizal.

Mahalagang datos din na dapat isaalang-alang ang bilang ng mga fakulti sa Departamento ng Kasaysayan ng PUP. Sa pakikipag-ugnayan ko sa Tagapangulo ng Departamento na si G. Jasper Christian L. Gambuito, nakuha ko ang impormasyon hinggil dito. Sa panahong isinagawa ang panayam, may 14 na regular na fakulti samantalang may 27 part-time na fakulti sa kanilang hanay. Hindi Lecturer ang kategorya ng mga part-time fakulti kundi Instructor. Halos doble ng laki ng bilang ng mga regular na fakulti ang mga part-timer na fakulti. May iba't ibang kategorya rin sa bawat fakulti.

Sa ibang unibersidad, Lecturer ang kategorya kung hindi full-time fakulti ang isang dalubguro. Samantalang sa PUP, bagamat hindi full-time fakulti ay Instructor ang designasyon. Kapansin-pansin din sa mga nakapanayam na part-time fakulti na wala pa silang digri sa Masterado, ang minimum na kahingian upang maging regular na dalubguro. Samantala, may kinapanayam din na bagama't regular na fakulti ay temporaryo ang istatus, ibig sabihin, naghihintay pa rin ng bakanteng aytem kaya regular man at nakatatanggap na ng mga benepisyo sa estadong ito'y Instructor pa rin ang designasyon.

Samantala, mula sa datos na galing sa opisina ng University Registrar ng PUP, may tinatayang 37,011 na mag-aaral sa taong pampanuruang 2020–2021 at kabuuang 40,811 sa pagpasok ng unang semestre ng taong pampanuruang 2021–2022.

Samakatwid, lumalabas na napakataas ng bilang ng mga mag-aaral kompara sa bilang ng kaguruan. Kung minamandatong lahat ng mga mag-aaral sa antas-tersiyarya'y makakuha ng RIPH at Rizal, lumalabas na sa ganitong populasyon ang tumbasan ay humigit-kumulang isang libo sa bawat isang dalubguro ng Departamento. Ang ganitong suliranin ay lalabas sa isinagawang saliksik at talagang naging salik din sa mga suliraning naranasan ng mga dalubguro sa pagtuturo ng RIPH sa panahon ng pandemya.

Sa nakuhang impormasyon halimbawa mula sa mga nakapanayam, laganap ang praktika ng pagbibigay ng maramihang load sa mga part-time fakulti. May ilang nakapanayam na nabibigyan ng 39 units sa loob ng isang semestre halimbawa. Ang katumbas ng asignaturang RIPH ay 3 units. Lumalabas na may mga gurong nagtuturo ng 13 seksiyon kada semestre dulot nga marahil ng malaking populasyon sa PUP. Kaya bukod sa mga nabanggit na kategorya sa taas, mayroon ding tinatawag na "part-time, full-load" na fakulti sa PUP. Mukhang hindi lang nakakahon sa Departamento ng Kasaysayan ang ganitong kalagayan at ito rin ang lagay ng mga kaguruan sa iba pang departamento sa PUP. Mababanaag sa paglalahad sa baba ang naging implikasyon lalo sa mga part-time fakulti ng ganitong sitwasyon sa pagtuturo ng RIPH lalo na sa paraan ng pagtuturo at ebalwasyon.

*Ang mga Kinapanayam*

Limitado ang bilang ng mga nakapanayam para sa isinagawang saliksik lalo't hindi layunin ng papel na bumuo o magtala ng kabuuang tindig o karanasan ng kaguruan ng Departamento ng Kasaysayan. Sa kabuuan, may limang dalubgurong nakapanayam sa isinagawang saliksik. Tatlo rito'y mga part-time fakulti, isang temporaryong fakulti, at isang regular na fakulti. Isinagawa ang panayam sa bawat fakulti sa magkakaibang araw na sila ay libre sa pamamagitan ng *Zoom meeting* bilang obserbasyon pa rin sa mga umiiral na restriksiyon at bahagi na rin ng pag-iingat kontra-COVID-19 nang isulat ang papel na ito.

Una sa listahan ng mga kinapanayam ay si Jaymee Carlo M. Ebreo, 35 taong gulang nang kapanayamin. Nagtapos siya ng AB History sa PUP at kasalukuyang kumukuha ng MA History sa Pamantasang De La Salle–Maynila. Part-time fakulti, Instructor I si G. Ebreo at kasalukuyan ding Teacher II sa Carlos Albert High School. Taong 2020 siya nakapasok bilang dalubguro sa Departamento ng Kasaysayan sa PUP.

Sumunod ay si Jonel Cañeso, 24 na taong gulang nang kapanayamin. Nagtapos din ng AB History sa PUP at kasalukuyang kumukuha ng MA History sa UP–Diliman. Part-time fakulti at Instructor I si G, Cañeso. Taong 2020 siya nakapasok bilang dalubguro sa Departamento.

Si Arvin Lloyd B. Pingul, 29 na taong gulang nang kapanayamin, ay nagtapos ng BSE Social Studies sa National Teacher's College at kasalukuyang kumukuha ng MA History sa Pamantasang De La Salle–Maynila. Siya ang tinutukoy sa taas na fakulti na ang kategorya ay "temporaryong fakulti". Taong 2019 siya naging dalubguro sa Departamento ng Kasaysayan ng PUP.

Si Gia A. Cabangon, 27 taong gulang nang kapanayamin, ay nagtapos din ng AB History sa PUP at kasalukuyang kumukuha ng MA History sa UP–Diliman. Part-time fakulti rin at nagkaroon ng ranggong Instructor I. Taong 2019 nagsimulang magturo sa PUP si Bb. Cabangon bago humiwalay ng landas sa institusyon nito lamang Pebrero 2024.

Sumunod ay si Mc Donald Domingo M. Pascual, Assistant Professor at regular na fakulti. Sa kurso ng panayam ay hindi niya ibinigay ang kaniyang edad at tinapos. Dalubguro na siya sa Departamento ng Kasaysayan ng PUP mula pa noong taong 1998.

Kapansin-pansin na dominante ng mga Instructor I at mga batang fakulti ang saliksik na ito. Sa esensiya, mas may kakayahan at gamay nila ang migrasyon tungo sa modalidad ng pagtuturo online. Dalawa sa mga ito'y nakapagturo na noong taong pampanuruang 2019–2020, sina Bb. Cabangon at G. Pingul. Samantala, ang dalawa'y nakapasok na sa unang semestre ng taong pampanuruang 2020–2021, sina G. Ebreo at G. Cañeso. Tanging si G. Pascual ang beterano sa pagtuturo sa Departamento.

*Karanasan ng mga Dalubguro sa Pagtuturo ng RIPH sa Taong Pampanuruang 2020–2021 at 2021–2022*

Sa mas maayos na pagtatalakay ng mga impormasyong nakuha sa pakikipanayam sa mga dalubguro ng RIPH, hinati ang bahaging ito sa apat na seksiyon. Una'y ang gunita ng mga dalubguro sa deklarasyon ng lockdown noong Marso 2020. Ikalawa'y ang mga paghahanda na isinagawa ng Departamento ng Kasaysayan at mga opisyal na atas ng PUP sa pagsasagawa ng distance learning. Ikatlo'y ang mga tala ng paraan ng pagtuturo ng RIPH sa dalawang taong pampanuruan. At sa huling bahagi'y ang mga hamon at suliraning lumitaw sa distance learning.

*Gunita sa Deklarasyon ng Lockdown Noong Marso 2020*

Tulad ng nabanggit sa taas, kalakhan ng mga nakapanayam ay kapapasok pa lamang sa PUP sa panahong idineklara ang implementasyon ng distance learning. Bagama't lahat sa kanila'y nagtuturo na rin nang abutan ng deklarasyon ng lockdown noong Marso 2020. Iisa lamang ang walang karanasan sa pagtuturo ng RIPH bago naganap ang distance learning at ito'y si G. Ebreo. Sa salaysay naman ng apat na nakapanayam, papatapos na nga ang semestre nang ideklara ang lockdown. Naghahanda na sila ng mga pinal na aktibidad upang ibigay sa mga mag-aaral. Kalakhan sa mga kinapanayam ay namroblema sa mga panahong ito lalo't ang pinal na pagsusulit ay karaniwang ibinibigay bago magtapos ang semestre at dito kinukuha ang malaking porsiyento ng grado ng mga mag-aaral. Manapa'y nagdulot talaga ng kawalang katiyakan ang mga deklarasyon ng ekstensiyon ng lockdown. Kalaunan, nagpasya na rin ang mga pamantasan na maglabas ng alituntunin upang tapusin ang ikalawang semestre.

Alinsunod sa Proclamation Order No. 922 ni Pangulong Duterte noong Marso 8, 2020 na nagsailalim sa buong kapuluan sa State of Public Health Emergency, naging maagap ang komunidad ng PUP sa pagpapatupad ng mga alituntunin upang siguruhin ang kaligtasan ng kaguruan, mga mag-aaral, at iba pang empleyado ng institusyon. Sa patalastas halimbawa na inilabas ng Pangulo ng PUP noong Marso 11, 2020, makikita ang unang opisyal na atas na gawing alternatibo ang migrasyon online sa pagsasagawa ng mga aktibidad ng klase samantalang idineklara ang suspensiyon ng klase mula pa noong Marso 9. Ayon sa patalastas ng Pangulo ng Unibersidad:

> Due to the cancellation of classes, all academic activities and tasks will be undertaken online. Student activities such as seminars, field trips, and immersions, are likewise cancelled. We strongly advise students to stay at home, opt for online communication, and refrain from going to public spaces if possible. (De Guzman)

Samantala, sa inilabas na Executive Order No. 03 noong Marso 13, 2020 ng Pangulo ng PUP, inilabas ang alituntunin para sa durasyon ng *community quarantine*. Pangunahin dito ay ang atas na nagdedeklara sa Marso 28 bilang opisyal na petsa ng pagtatapos ng ikalawang semestre (Muhi). Ayon naman sa salaysay ng mga kinapanayam, kabilang sa mga atas mula sa administrasyon ng PUP ang polisiya na wala dapat mga mag-aaral ang makakuha ng bagsak na grado sa pagtatapos ng semestre. Samakatwid, binigyan ng pasadong grado ang lahat ng mag-aaral kahit na hindi nagawa ang mga pinal na aktibidad. Nagkaroon din ng suliranin at hindi naging banayad ang pagsunod sa atas na gawin ang lahat ng mga pinal na aktibidad online sa mga panahong ito.

Halimbawa, sa salaysay ni G. Pingul, nagkaroon umano ng kalituhan noong umpisa kung ano ang gagawin sa pagtatapos ng semestre. Siya mismo'y hirap sa pagpapasagawa online ng mga natitirang pagkikita lalo't wala pa siyang karanasan sa ganitong metodo ng pagtuturo. Dagdag pa'y wala silang koneksiyon sa Internet at hindi rin maayos ang gamit niyang laptop. Sa kabila nito'y nagkaroon ng direktiba na graduhan na lamang ang mga mag-aaral at huwag nang magklase.

Sa kabila ng mga suliraning ito ay naitawid ng lahat ng nakapanayam ang klase sa pagtatapos ng semestre bagama't ayon sa kanila'y pikit-mata nilang binigyan ng pasadong grado ang mga mag-aaral lalo't wala nang pagkakataon na mabigyan ng pinal na aktibidad ang mga ito na siyang pagkukuhanan sana ng malaking bahagdan ng kanilang grado. Ang ilan sa mga pinal na aktibidad sanang ipagagawa ng mga gurong nakapanayam ay papel-pananaliksik at pinal na pagsusulit. Sa usapin naman ng suportang institusyonal lalo na sa mga part-time fakulti, ayon kay G. Pingul, binigyan naman ng sahod ng PUP maging ang mga araw na hindi na nila napasukan makaraang ideklara nga ang lockdown. Mahalagang tulong ito lalo't bilang part-time fakulti ay sakop sila ng *no work, no pay policy*.

*Paghahanda sa Distance Learning at Mga Atas Mula sa Pamunuan ng PUP*

Hinggil naman sa kahandaan ng institusyon, naging maagap din ang PUP sa mga paghahanda sa pagtungo sa modalidad ng distance learning. Kabilang dito ang pagtukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa nito. Batay sa mga nakapanayam, sa pagsisimula ng enrollment ng mga mag-aaral para sa taong pampanuruang 2020–2021, nagsagawa ng pagsasakategorya ang unibersidad sa kanilang mga mag-aaral. Sa online enrollment pa lamang, may

opsiyon ang mga mag-aaral upang ikategorya ang kanilang mga sarili batay sa kanilang kakayahang makilahok sa dalawang moda ng distance learning: ang online at modyular. Ang mga *online student* ay yaong mga mag-aaral na may konektibidad sa Internet at may mga sariling gamit upang makalahok sa mga klase na isasagawa online. Sa kabilang banda, ang mga tinatawag na modyular o *correspondence students* ay yaong mga mag-aaral na walang kakayahang makilahok sa mga klase online at may opsiyon na itawid ang klase sa pamamagitan ng mga modyul na ipadadala sa kani-kanilang mga tahanan. Bahagi ng modyul na ipadadala ang mga aralin at mga aktibidad. Pagpapatunay naman ng mga nakapanayam, ang mga modyul na ito'y ipinadadala at ibinabalik sa institusyon nang libre sa pamamagitan ng Air 21 courier, ibig sabihin ay walang babayaran ang mga mag-aaral.

Sa usaping ito, naging puspusan ang paghahanda ng Departamento makaraang ipag-utos ang paghahanda ng mga modyul sa pagbubukas ng taong pampanuruang 2020–2021. Batay sa salaysay ni G. Pingul, nahati ang Departamento sa mga fakulti na magsasagawa ng modyul para sa RIPH at Rizal. Si G. Pascual ay isa sa mga fakulti na naghanda ng materyales at mga aktibidad sa inilathalang modyul para sa RIPH. Si G. Pingul ay naging bahagi naman ng grupong naatasan para sa asignaturang Rizal. Sa gunita ni G. Pascual, ilan sa mga datos na matatagpuan sa modyul ng RIPH ay kopya ng materyales na ginagamit na ng mga guro sa klase noong face-to-face pa ang moda ng pagtuturo kabilang na rito ang mga saliksik na naprodyus ng mga dalubguro na naaangkop sa espesyalisasyon o disiplina ng mga mag-aaral na kukuha ng kurso. Samantala, iginiit niyang isa sa mga suliranin ay ang limitadong bilang ng pahina na dapat maprodyus ng bawat modyul kaya napilitan silang bawasan o iklian ang nilalaman ng modyul para sa RIPH.

Sa salaysay naman ni Bb. Cabangon, nakatanggap naman ng "compensation" ang mga fakulti na naging bahagi ng pagbuo ng modyul. Ang modyul na ito'y nakabatay alinsunod sa mungkahing silabus ng CHED para sa RIPH at naririto na rin ang mga datos, primarya man o sekondarya, para sa bawat paksa. Nakalagay rin dito ang mga aktibidad at higit sa lahat, ang mga sangguniang ginamit. Nagtulong-tulong din ang mga part-time fakulti sa pagre-repack ng mga modyul na binuo ng departamento, ayon kay Bb. Cabangon, noong Disyembre taong 2020.

Sa usapin naman ng suportang institusyonal sa pagsasakatuparan ng online na moda, nabanggit ng mga kinapanayam na hinimok ang bawat dalubguro na gumamit ng *online learning application* na Microsoft Teams samantalang binigyan ng *premium account* sa *video telecommunication platform* na *Zoom* ang bawat regular na fakulti ng PUP. Nagkaroon din ng mga pagsasanay kapuwa ang mga regular at part-time na fakulti hinggil dito sa pamamagitan ng mga webinar. Ang mga ito'y napapaloob sa alituntuning inilabas ng Office of the Vice President for Academic Affairs noong Setyembre 28, 2020 (OVPAA Advisory No. 1, S. 2020). Nasa naturang abiso rin ang binabanggit ng mga kinapanayam na alituntunin mula sa pamunuan na nag-aatas na mayroon lamang dapat na kabuuang maximum na anim na sesyon ang ilalaan ng bawat dalubguro sa mga seksiyon na kanilang hawak. Sa hiwalay na abisong inilabas sa parehong petsa binanggit naman ang isa sa mga panutunan na:

> Attendance, recitation, and oral reports shall no longer be part of the class standing for both online mode and correspondence mode (OVPAA Advisory No. 2, S. 2020).

Para naman sa mga nakapanayam, makatwiran lamang ito kahit sa mga estudyanteng nasa kategoryang online lalo't walang katiyakan ang konektibad sa Internet. Lahat ng mga direktibang ito mula sa pamunuan ng PUP ay alinsunod sa CHED Memorandum Order No. 4 Series of 2020 na nagbibigay ng pangkalahatang alituntunin sa pagsasagawa ng *flexible learning*.

Sa sumunod na semestre ng taong pampanuruan 2020–2021 inilabas ang Memorandum Order No.6 S. 2021 mula pa rin sa opisina ng OVPAA. Iniatas nito na dapat ay may maximum na dalawang quiz lamang ang ibibigay sa bawat asignatura at kabuuang isang pinal na pagsusulit o proyekto. Minamandato rin nito na hindi dapat magbigay ng bagsak na grado ang bawat dalubguro sa halip ay bigyan lamang ng INC ang sinumang mag-aaral na hindi nakadalo sa klase sa buong semestre. Umiral ang mga alituntuning ito hanggang sa unang semestre ng taong pampanuruan 2021–2022. Sa pagsisimula naman ng ikalawang semestre ng nasabing taong pampanuruan, ibinaba ang Memorandum Order No. 5 S. 2022 na nag-amyenda sa mga nabanggit nang alituntunin hinggil sa mga kaluwagan ng pagbibigay ng kahingian ng bawat kurso. Batay sa nasabing memo, binibigyang pahintulot na muli ang pagsasagawa ng mga oral recitation, maiksing

pagsusulit, midterm at final exam, thesis defense, at maging ang pagtsetsek ng attendance sa klase. Muli ring pinahintulutan ang pagbibigay ng bagsak na grado sa mga mag-aaral na hindi nakapasa o nakapagsumite ng mga aktibidad sa bawat kurso. Samakatwid, naging maluwag sa nakalipas na tatlong semestre sa mga panahong nasasakop ng naturang saliksik samantalang hindi na ganito ang sitwasyon sa huling semestre ng taong pampanuruang 2021–2022 sa kabila ng hindi pa bumabalik sa face-to-face na moda ang mga mag-aaral. Paano naman nakaapekto ang mga alituntuning ito sa pagtuturo ng RIPH ng mga dalubguro sa Departamento ng Kasaysayan?

*Ang Pagtuturo ng RIPH sa Distance Learning*

Sagana sa gunita ng pakikibagay at pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga mag-aaral ang naratibo ng mga kinapanayam para sa saliksik na ito. Hindi maikakailang ayon nga sa kanila'y naging "lenient" o maluwag sa mga mag-aaral ang pagpasok ng taong pampanuruang 2020–2021. Dahil naiwan naman talaga sa mga dalubguro ang pagpapasya kung papaano ang eksekyusyon ng mga aralin samantalang limitado lamang ang mga pagkakataon na maaaring kitain ang bawat mag-aaral at mga kahingian, naging bukas ang mga dalubguro sa iba't ibang posibilidad upang maitawid ang pagtuturo ng RIPH. Talamak halimbawa ang pagbabawas ng aktibidad maging ang nakagawiang pagtatalakay sa nilalaman ng kurso.

Naging bukas ang bawat dalubguro sa kahilingan at pangangailangan ng bawat mag-aaral. Banggit ni G. Ebreo, nagbawas siya ng mga aktibidad sa modyul nang makita niyang nahihirapan ang kaniyang mga mag-aaral. Upang hindi na rin dumaan sa proseso ang kanyang mga correspondence student samantalang natuklasan nila na may posibilidad pala na sila'y makapag-online habang nasa ganitong kategorisasyon, maluwag niya ring tinatanggap ang mga ito sa kaniyang mga aktibidad online na hindi na dumadaan pa sa proseso. Samantala, inaatasan niya ang bawat presidente ng klase na gumawa ng Google Drive, isang *online storage application* kung saan niya ina-upload ang mga *soft copy* ng materyales na gagamitin sa pagtuturo niya ng RIPH.

Sa kaso naman ni G. Pingul, may kalayaan ang kaniyang mga mag-aaral online na pumili ng platform kung saan gaganapin ang kanilang *synchronous* na klase: sa *Zoom* o sa *Google Meet*. Halos ganito rin ang naging sitwasyon ni G. Cañeso. Kadalasan daw na kahilingan ng kaniyang mga mag-aaral ay magdaos na lamang sila ng synchronous na klase dahil anila'y salik sa pagkatuto ang interaksiyon na hindi nagagawa sa mga recorded na lektura at iba pang *asynchronous* na aktibidad. Nakakawala raw ng interes ng pag-aaral ng kasaysayan kung recorded na lektura lamang ang ipadadala kaya pinahintulutan niya ang hiling ng kaniyang mga mag-aaral.

Mas madalas ding mag-synchronous na klase si G. Pascual. Ang naging tugon niya sa hamon ng limitadong bilang ng pagsasagawa ng synchronous na klase ay pumili na lamang siya ng mga paksa sa RIPH na sa palagay niya'y makatutulong sa bawat klaseng hawak niya kesa bigyan niya ng sintesis lahat ng mga paksa para lamang masabi na natalakay niyang lahat. Sa katagalan naman ng pagpapadala't pagbabalik ng mga nasagutang modyul, nagkaroon din ng internal na kasunduan si Bb. Cabangon sa kaniyang mga mag-aaral na ipadala na lamang ang elektronikong larawan ng mga nasagutang modyul sa pamamagitan ng e-mail upang mas mapahaba ang panahon ng pagtsetsek niya ng nasagutang aktibidad ng mga naturang mag-aaral.

Samakatwid, kalakhan ng mga guro ay hindi sumunod sa mandatong hanggang anim na synchronous na klase lamang kada semestre ang dapat isagawa alinsunod na rin sa kahilingan ng kanilang mga mag-aaral. Samantalang sa mga pagkakataong may mga mag-aaral na may problema talaga sa konektibidad o pagpapadala ng mga modyul sa kaso ng mga estudyanteng correspondence, agad naman nila itong inaalalayan sa pamamagitan halimbawa ng mga internal na kasunduan. Karaniwang katwiran din ang binabanggit ng mga guro na wala talagang interes ang mga mag-aaral na manood ng recorded na lektura ng mga paksaing pangkasaysayan at nais nila ng interaksiyon kahit limitado lamang ito online. Halimbawa, sa klase ni G. Pingul, aniya'y mas naging interesado ang kaniyang mga mag-aaral na magbatuhan ng mga kritikal na katanungan sa bawat paksang kanilang tinatalakay. Ayon naman kay G. Cañeso sa mga ebalwasyon sa kaniya sa mga panahong ito, mas madalas daw talagang sinasabi ng mga mag-aaral na mas gusto nila ang synchronous na moda dahil banggit ng kaniyang mga mag-aaral: "[K]apag naka-asynchronous para lang kaming nagbabasa, para kaming nanonood sa YouTube na walang kabuhay-buhay."

Lahat naman ng kinapanayam ay nagkakatulad

ang pahayag na malaking tulong ang mga *digitized* na kopya ng mga primaryang batis sa pagtuturo nila ng RIPH bukod pa sa mga nalathala sa modyul. Ito ang primaryang materyales nila sa pagtuturo sa durasyon ng distance learning. Para naman kay G. Cañeso, G. Pascual, at Bb. Cabangon, napakalaking bagay ng mga websayt na mapagkukuhanan ng mga primaryang batis nang walang babayaran bilang suplemental na mga datos na nagamit sa pagtuturo ng RIPH. Tinukoy halimbawa ang websayt ng University of Michigan na mapagkukuhanan ng mga datos. Ang mga datos na ito na matatagpuan online ang siyang naging alternatibo samakatwid sa kahingiang nagtatakda na mamalas ng mga mag-aaral ang mga primaryang batis pangkasaysayan na sa halip na magtungo sa mga aklatan, sininop ng mga dalubguro ang iba't ibang websayt na may sapat na kredibilidad bilang bukal na pagkukuhanan ng mga datos ng kanilang mga mag-aaral sa RIPH bukod pa sa *scanned copies* ng mga dokumentong gamit na nila bago pa man sumapit ang pandemya.

Kapuwa kahingian din sa klase sa RIPH nina Bb. Cabangon at G. Pascual ang pagpapadalo sa mga webinar ng mga batikang historyador at dalubhasa sa larangan. Ang mga webinar o sampaksaan/lekturang idinadaos sa espasyong virtual ay naging laganap sa panahon ng pandemya at batay nga sa salaysay ng mga nakapanayam ay malaki ang naitulong nito sa pagtuturo ng RIPH. Bukod sa mga webinar ay malaking bagay rin sa klase ni Bb. Cabangon ang mga dokumentaryong pangkasaysayan na matatagpuan online. Karapat-dapat ding bigyang pansin na nagamit ng mga gurong kinapanayam ang *virtual museum* ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) bilang alternatibo sa kahingian ng RIPH na magtungo sa mga museo partikular sa klase ni Bb. Cabangon at G. Pascual.

Sa pagsasagawa naman ng ebalwasyon at mga aktibidad, lahat ng mga gurong kinapanayam ay inobserbahan ang atas ng pamunuan ng PUP na nagbabawal na maging bahagi ng kahingian ng kurso ang attendance at hindi rin sila nagbigay ng anumang uri ng graded recitation. Binabanggit naman nina G. Ebreo at Bb. Cabangon sa taong pampanuruang 2020–2021 ay sinundan nila ang mga aktibidad na nasa modyul na ginawa ng kanilang departamento. Si Bb. Cabangon ang katangi-tanging dalubguro na nakapanayam na nagpasagawa ng aktibidad hinggil sa oral na kasaysayan bagama't bilang obserbasyon sa mga umiiral na restriksiyon at pag-iingat sa kaligtasan ng mga mag-aaral, aniya'y nilimitahan niya sa pagsasagawa ng panayam sa mga kapit-bahay o mga kamag-anak ang ipinagawa niyang papel. Maaaring kasaysayang pambaranggay o talaangkanan ang ipinagawa niya sa kaniyang mga mag-aaral sa halip na oral na kasaysayan ng isang pook tulad ng kahingian sa mungkahing silabus ng CHED sa RIPH.

Pare-parehas namang rebyu sa mga pinabasang artikulo, dokumentaryo, webinar, ang mga kahingian sa klase ng lahat ng dalubgurong kinapanayam. Sa gunita ng isa sa mga kinapanayam:

> [B]inibigyan ko sila ng mga soft copy ng primary source at saka ilang secondary source saka ire-review nila 'yun...Binibigyan ko sila ng rubric kung paano nila babasahin itong mga ito tapos ipi-presinta nila sa klase. Yun yung nakita kong measure na doable kapalit nung minumungkahi ng CHED na kailangan silang makapagprodyus ng paper kasi nga due to the constraint na nung mga panahon na 'yun na hindi talaga accessible ang mga library." (Ebreo)

Sa panayam din sa bawat dalubguro, hindi lamang ang opisyal na mga atas ang dahilan kung bakit nagdesisyon silang bawasan ang mga aktibidad at huwag nang magbigay ng mga major exam. Samakatwid, bukod sa pagsasagawa ng mga lektura online, nagamit ng mga dalubguro ang iba't ibang materyales na uploaded at matatagpuan sa virtual na espasyo gaya ng mga dokumento, larawan, dokumentaryo, at iba pa.

*Mga Hamon at Suliranin sa Pagtuturo ng RIPH sa Distance Learning*

Hindi naging maginhawa sa kabuuan ang karanasan ng mga dalubguro sa pagtuturo ng RIPH. Una na rito ang salaysay hinggil sa mga online application na ginamit sa pagtuturo. Batay sa salaysay ng mga part-time fakulti na kinapanayam, Microsoft Teams lamang ang magagamit nila at mga regular na fakulti lamang ang nagkaroon ng premium account sa *Zoom*. May iba't ibang ganansiya sa pagkakaroon ng premium account sa *Zoom* at una na rito'y aksesibilidad at higit sa lahat, walang limitasyon sa oras ng pagsasagawa ng mga sesyon dito. Sa kabilang banda'y may kahirapan umano sa nabigasyon sa Microsoft Teams kaya hindi ito masyadong nagagamit ng mga dalubguro. Tanging sina Bb. Cabangon at G. Pascual ang nakapanayam

na ginamit ang MS Teams, itong huli ay para lamang paglagakan ng materyales ng mga mag-aaral online. Sa salaysay naman ng mga kinapanayam, pinatunayan na umiiral nga ang atas sa administrasyon ng PUP na bahagi rin ng OVPAA Advisory No. 1 S. 2020 na maaaring makihati ang mga part-time fakulti sa *premium Zoom account* ng mga regular fakulti. Bagay na para sa mga regular na fakulti gaya nina G. Pingul at G. Cañeso ay problematiko. Suliranin kung magkasabay ang klase ng part-time at regular na fakulti na gagamit ng isang *Zoom account* dahil hindi ito posible. Sa halip, gaya ng karanasan ni G. Cañeso, bumili na lamang siya ng premium account sa *Zoom* sa sarili niyang salapi. Samantalang may premium account sa *Zoom* si G. Pingul bilang mag-aaral sa Araling Gradwado sa Pamantasang La Salle at ito ang kaniyang ginamit.

Halos iisa rin ang suliraning kinaharap ng bawat dalubguro ng RIPH sa usapin ng modyul. Ito'y ang katagalan ng pagpapadala't pagbalik ng mga modyul tulad ng nabanggit na sa taas. Ito rin ang dahilan kung bakit napilitan na lang ang mga guro na magkaroon ng internal na kasunduan sa mga mag-aaral. Pag-alala nga ni G. Ebreo, Oktobre ng 2020 nagsimula ang semestre subalit mga Enero't Pebrero na noong 2021 nagdatingan sa mga mag-aaral ang mga modyul. May mga mag-aaral talagang walang kakayahan na magkaroon ng konektibidad sa Internet. Sa salaysay ng isa sa mga kinapanayam halimbawa:

> Mayroon akong estudyante na nasa gitna ng bukirin na makakapag-online lang siya at the middle of the night hanggang early morning kasi nga wala raw talagang signal sa kanila. Eh di ba nga may mga restrictions, hindi pwedeng lumabas. Mayroon namang isa na kailangan pa niyang lumipat papunta sa isang isla na mas malaki o yun siguro yung sentro ng bayan nila, kasi sila ay mas maliit na isla, para lamang makapag-online. (Pascual)

Ang mga talang ito ay patunay sa suliranin kapuwa ng mga dalubguro't mag-aaral. Sa kabilang banda, ang isyu naman ng online na konektibidad ang magkakatulad na suliraning hinarap ng bawat dalubguro. Nariyan ang mabagal na koneksiyon at pangkaraniwang araw na mawawalan sila ng konektibidad habang nagsasagawa ng lektura dahilan upang mabalahaw ang pagtuturo o aktibidad ng mga mag-aaral. Para sa mga dalubguro kagaya halimbawa ni G. Pascual, naging balakid din sa pagtuturo ng RIPH ang atas na hanggang anim na synchronous session lamang ang isasagawa kada semestre. Samahan pa ng isyu sa konektibidad, anang mga dalubguro'y hindi talaga natalakay ang lahat ng paksa sa RIPH sa mga panahong ito.

May isyu rin na lumitaw hinggil sa paghingi nila ng kahingian partikular yaong mga nagpagawa ng mga sanaysay bilang output ng mga mag-aaral. Ito'y ang bilang ng mga mag-aaral na hawak ng bawat part-time fakulti. Tulad ng nabanggit sa taas, malaki ang populasyon ng mga mag-aaral sa PUP. Nasa talaang ito ang datos ng mga load na ibinibigay sa kada semestre at kung gaano kadami ang bilang ng mga mag-aaral na hawak nila. Isinama rin sa talaan si G. Pingul na bagamat temporaryong fakulti na sa panahon ng panayam, siya'y part-time fakulti naman sa mga taong pampanuruang nasasakop ng saliksik na ito.

Ayon sa salaysay ng mga kinapanayam, may malaking epekto ito lalo sa pagmomonitor ng mga aktibidad ng mga mag-aaral. Lumalabas din na ganito talaga ang kalakaran sa PUP bago pa magtungo sa distance learning. Hindi rin limitado sa mga dalubguro ng departamento ang ganitong sitwasyon. Sa salaysay ni G. Ebreo, nakararamdam umano siya ng "burn out" sa pagtsetsek ng ipinapasang output ng mga mag-aaral. Sa salaysay naman ni G. Cañeso, binabanggit niyang naglalaan siya ng isang buong araw upang tsekan ang mga sanaysay ng bawat seksiyon na kaniyang hawak. Ibig sabihin, kung may 14 siyang seksiyon na hawak sa RIPH, naglalaan siya ng 14 na araw o dalawang linggo upang tapusin ang mga sanaysay na ito. Aminado siyang minsan ay kinatatamaran niya na rin ang magtsek. Para nga raw niyang pinapatay ang sarili sa trabaho. Ganito rin ang salaysay ni Bb. Cabangon hinggil sa pagod na kaniyang nararanasan sa pagtsetsek ng mga output na ipinapasa online. Samantala, binanggit ng isa sa mga dalubgurong kinapanayam ang dahilan kung bakit ganito ang sitwasyon ng mga part-time fakulti:

Kaya naman namin tinatanggap yang 39 units na 'yan, hindi dahil sa desidido kaming magturo o dedikado kaming magturo…Kundi kami tatanggap ng maraming load, wala kaming ipapakain sa mga pamilya namin. Kasi ang rate lang naman namin, 186, 190 [PhP kada oras]… Mas marami pa sa regular load yung amin ta's ang sahod namin eh kakarampot. Wala kaming benefits. Wala rin kaming 13th month pay na natatanggap. (Pingul)

TALAAN BILANG NG RIPH UNITS AT MAG-AARAL NG MGA DALUBGURO SA BAWAT SEMESTRE

| Pangalan ng Dalubguro | Semestre at Taong Pampanuruan | Kabuuang Bilang ng Units na Ibinigay sa Semestre | Kabuaang Bilang ng Units sa asignaturang RIPH | Kabuuang Bilang ng mga Mag-aaral sa RIPH |
|---|---|---|---|---|
| G. Carlo Jaymee Ebreo | Unang Semestre (2020–2021) | 30 units | 9 units (3 seksiyon) | 142 |
| | Ikalawang Semestre (2020–2021) | 15 units | 12 units (4 na seksiyon) | 124 |
| | Unang Semestre (2021–2022) | 39 units | 9 units (3 Seksiyon) | 140 |
| | Ikalawang Semestre (2021–2022) | 12 units | 6 units (2 seksiyon) | 70 |
| G. Arvin Pingul | Unang Semestre (2020–2021) | 39 units | 33 units (11 seksiyon) | 512 |
| | Ikalawang Semestre (2020–2021) | 21 units | 15 units (5 seksiyon) | 224 |
| | Unang Semestre (2021-2022) | 42 units | 39 units (13 seksiyon) | 596 |
| | Ikalawang Semestre (2021–2022) | 33 units | 12 units (4 na seksiyon) | 116 |
| G. Jonel Cañeso | Unang Semestre (2020–2021) | 36 units | 21 units (7 seksiyon) | 297 |
| | Ikalawang Semestre (2020–2021) | 15 units | 12 units (4 na seksiyon) | 209 |
| | Unang Semestre (2021–2022) | 33 units | 24 units (8 seksiyon) | 363 |
| | Ikalawang Semestre (2021–2022) | 27 units | 3 units (1 seksiyon) | 18 |
| Bb. Gia Cabangon | Unang Semestre (2020–2021) | (Walang Ibinigay na Datos) | 27 units (9 na seksiyon) | 459 |
| | Ikalawang Semestre (2020–2021) | (Walang Ibinigay na Datos) | 9 units (3 seksiyon) | 124 |
| | Unang Semestre (2021–2022) | (Walang Ibinigay na Datos) | (Walang Klase sa RIPH) | (Walang Klase sa RIPH) |
| | Ikalawang Semestre (2021-2022) | (Walang Ibinigay na Datos) | 21 units (7 seksiyon) | 289 |

Ang sitwasyong ito ay lubos na nakaapekto sa pagtuturo ng RIPH ng mga dalubgurong kinapanayam. Kung isa sa mga kahingian ng kurso'y ang pagsasagawa ng mga sanaysay sa binasang mga dokumento o artikulo o dili naman kaya'y ipinapanood na webinar o dokumentaryo, imposible talagang matutukan ng mga guro ang ipinasang papel kung ang populasyon sa bawat klaseng hawak niya online ay aabot ng mahigit na 40 at kung minsan nga'y may 50 ang bilang.

Sa kabila ng suliranin sa bilang ng klase, naobserbahan din ng mga guro ang lumalang kaso ng *plagiarism* sa mga ipinapapasang papel para sa RIPH. Lahat ng kinapanayam ay nakaranas ng mga mag-aaral na gumawa ng iba't ibang anyo ng pangongopya ng mga akdang matatagpuan online at ipinasa bilang output sa klase. Sa kaso ni G. Ebreo, tinukoy niyang naging katuwang niya ang *plagiarism application* na *Turnitin*. Sa mga pagkakataon na may mahuhuling mag-aaral na kumuha ng mga akda sa Internet at ipinasa bilang proyekto, nagbibigay-mensahe umano si G. Ebreo sa mag-aaral at ipinapasa ang resulta kung ilang porsiyento ng papel ang natukoy ng *Turnitin* na kinuha

lamang sa Internet. Dahil na rin sa umiiral ngang mga alituntunin, isinasapraktika na imbes na mambagsak ay binibigyan na lamang ng pagkakataon ang mag-aaral na magpasa muli ng mga proyekto. Tinukoy kapuwa nina G. Ebreo at G. Pingul na direktang resulta ito ng mga direktiba na nag-aatas upang maging maluwag sa mga mag-aaral. Wika nga ni G. Pingul, maraming mga mag-aaral ang naging abusado.

Pare-parehas namang naging karanasan nina G. Ebreo, G. Cañeso, G. Pingul, at G. Pascual ang kaso ng mga mag-aaral na ginamit na dahilan ang instabilidad umano ng koneksiyon sa Internet kaya hindi nakapasok subalit natuklasan nilang hindi ito totoo. Pagbabahagi ng isa sa mga kinapanayam:

> Kahit gusto mong magalit at gusto mong ibagsak ang estudyante, may mga directives na bawal mambagsak… May mga estudyante na talaga namang mahirap. Mahirap talaga sa buhay. Pero meron ding mga estudyante na gago lang…May mga gago lang na inabuso yung online learning para sa katamaran nila. Naging justification yung online learning sa katamaran nila e…Yung iba hindi papasok, sasabihin walang Internet connection. Pero kapag tiningnan mo yung profile sa *Facebook*, may mga shared post sa oras ng klase. (Pingul)

Bagama't sa kabilang banda, ani G. Pingul, may mga guro rin daw na sinamantala ang ganitong sitwasyon. Nakarating umano sa kaniya ang ilang ulat ng mga mag-aaral na kumakalat sa mga social media site gaya ng *Facebook* na mga gurong hindi kinita ang kanilang mga mag-aaral sa loob ng isang semestre at nanghuhula lamang ng ibibigay nilang grado.

## KONGKLUSYON

Itinala sa saliksik na ito ang karanasan ng pagtuturo ng RIPH sa panahon ng pag-iral ng distance learning sa pamamagitan ng salaysay ng limang dalubguro mula sa Departamento ng Kasaysayan sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Itinala rito ang mga direktibang iniatas ng pamunuan ng PUP sa pagsasagawa ng distance learning. Mapapansing kumilos ang mga dalubguro at hinubog ang kanilang karanasan at direksiyon ng pagtuturo ng mga nabanggit na direktiba sa taas. Naging isang malaking hamon ang pagtuturo ng nasabing asignatura lalo't marami sa mga nakasanayang paraan sa pagtuturo nito'y hindi posibleng magawa sa moda ng distance learning. Samakatwid, limitado ang mga maaaring ipagawang aktibidad. Naging makitid ang oportunidad na makapagsagawa ng mga tradisyonal na output at mga kahingian halimbawa'y mga papel-pananaliksik, pagsasagawa ng oral na kasaysayan, at pagtungo sa mga museo't mga aklatan.

Sa kabila ng mga ito'y naging malikhain ang mga dalubguro sa mga kahingian sa klase para sa RIPH. Naitala ang modipikasyon ng mga aralin at aktibidad. Naging pangunahing sandata sa pagtuturo ang modyul na kinatha ng departamento. Naging katuwang din ang pagtitipon ng mga mapananaligang websayt na maaaring makakuha ng primaryang batis ang mga mag-aaral. Nakatulong din ang penomeno ng pagsulpot ng mga webinar na tampok ang iba't ibang dalubhasa sa larangan. Nasipi rin ang ginhawang hatid ng inisyatiba ng NHCP sa pagkatha nila ng mga virtual na museo bilang alternatibo sa kahingiang aktuwal na magtungo ang mga estudyante sa mga ito. Naging pangunahing kahingian din ang mga rebyu ng materyales na ginagamit sa bawat klase at pangunahing aktibidad ng karamihan sa mga kinapanayam ay ang pagsasagawa ng synchronous na lektura naglabas man ang pamunuan ng limitadong bilang ng pagsasagawa nito.

Ngunit hindi maiiwasan ang mga suliranin sa migrasyon ng pagtuturo ng RIPH sa distance learning. Pangunahin na rito ang isyu ng instabilidad ng koneksiyon sa Internet. Lumitaw rin ang isyu ng mga platform na ibinigay ng PUP sa mga dalubguro. Nariyan din ang isyu ng pagpapadala ng mga modyul sa mga mag-aaral. Tinukoy rin sa saliksik na isa sa mga salik na nagpahirap sa mga guro ng RIPH ay ang bilang ng mga tsetsekang output sanhi nga ng malaking bilang ng mga mag-aaral. Lumitaw rin ang isyu ng lumalang kaso ng plagiarism sa bahagi ng mga mag-aaral. Marahil sa pagtungo ng modalidad ng pagtuturo online ay nakatuklas din ang ilang mag-aaral ng mga makabagong paraan ng plagiarism. Naging usapin hindi lang din sa PUP kundi maging sa Unibersidad ng Pilipinas ang mga kaso ng plagiarism gamit ang mga Internet AI sa mga ipinapasang sanaysay ng mga mag-aaral (GMA Integrated News). Sa katotohanang may malaking bilang ng mga mag-aaral ang bawat dalubgurong nakapanayam, salat ang oras upang suriin nang masinsinan ang bawat output ng mga mag-aaral sa posibilidad ng plagiarism.

Kumilos ang mga dalubguro batay sa mga direktibang iniatas ng pamunuan at nagkaroon ng bukas na komunikasyon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang maitawid ang pagtuturo sa moda ng distance learning. Ngunit nakatugon man sa hamon at naging malikhain ang mga dalubguro sa paghahanap ng mga materyales at adapsiyon ng mga makabagong paraan ng pagtuturo ng RIPH, may ilang suliraning lumitaw sa bahagi ng institusyon at ng mga mag-aaral na kinaharap ang mga dalubgurong kinapanayam. Ang mga salik na ito'y tiyak na nakaapekto sa resulta ng pagtuturo sa nakalipas na apat na semestre. May mga pagdurusang hindi naibsan at tila may kakapusan ng panukat kung ganap nga ba ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Kasaysayan. Maimumungkahi samakatwid na magkaroon din ng karagdagang mga pananaliksik sa pagtataya kung tunay bang naging epektibo o hindi sa panig naman ng mga mag-aaral ang mga moda ng pagtuturo na isinagawa noong kasagsagan ng pandemya hindi lamang ng asignaturang Kasaysayan maging ng iba ring asignatura. Mahalagang magkaroon pa ng mga ganitong kaugnay na pananaliksik sapagkat sa kasalukuyan, hindi naman inabandona sa pagbubukas muli ng mga pamantasan ang mga moda ng pagtuturo na ginamit at natutuhan ng mga dalubguro noong panahon ng pandemya. Hindi rin maikakaila na ang mga karanasang ito ang siyang naghawan ng daan sa pamilyaridad ng mga dalubguro sa paggamit ng mga makabagong paraan sa pagtuturo ng Kasaysayan at mga hamong kaakibat nito sa kasalukuyan.

## SANGGUNIAN


Cabangon, Gia A. Panayam kay Bb. Gia A. Cabangon. 21 December 2022. Personal interview.

Cañeso, Jonel A. Panayam Kay G. Jonel Cañeso. 3 December 2022. Personal interview.

CHED Memorandum Order No. 4 Series of 2020. 2 September 2020. Accessed 14 December 2022. https://chedro3.ched.gov.ph/wp-content/uploads/2020/10/CMO-No.-4-s.-2020-Guidelines-on-the-Implementation-of-Flexible-Learning.pdf.

Ebreo, Jaymee Carlo M. Panayam kay G. Jaymee Carlo M. Ebreo. 29 November 2022. Personal interview.

GMA Integrated News. "Students Under Probe for Allegedly Using AI in Submitted Academic Requirements." 18 January 2023. Accessed 14 December 2022. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/857872/using-ai-to-write-essays-is-cheating-says-up-prof/story/.

Guzman, Emmanuel De. 11 March 2020. Accessed 14 December 2022. https://www.pup.edu.ph/announcements/?go=T37dr0UFZe0%3d.

"HEAD COUNT ENROLLMENT PER COLLEGE IN THE MAIN CAMPUS." 13 October 2021. Accessed 14 December 2022. file:///C:/Users/user/Downloads/FOI%20-%20REQUEST%20OF%20ENROLLMENT%20PER%20COLLEGES%20IN%20MAIN%20CAMPUS-with%20OU.pdf.

Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon. n.d. Accessed 14 December 2022. https://www.clopified.com/download/mga-babasahin-sa-kasaysayan-ng-pilipinas-syllabus/.

Memorandum No. 6, Series of 2021. 8 May 2021. Accessed 14 December 2022. https://twitter.com/thepupofficial/status/1390938647701065729?lang=en.

Memorandum Order No. 5 Series of 2022. 1 April 2022. Accessed 14 December 2022. https://www.mypupqc.live/about/memorandum-orders.

Muhi, Manuel M. 13 March 2020. Accessed 14 December 2022. https://www.pup.edu.ph/announcements/?go=KTztpxxd%2fT0%3d.

OVPAA ADVISORY NO. 1, S. 2020. 28 September 2020. Accessed 14 December 2022. https://drive.google.com/drive/folders/1UiIrGWNrPO48boEEZt_MCpzjPg3QjOZ-.

OVPAA ADVISORY NO. 2, S. 2020. 28 September 2020. Accessed 14 December 2022. https://drive.google.com/drive/folders/1UiIrGWNrPO48boEEZt_MCpzjPg3QjOZ-.

Pascual, Mc Donald Domingo. Panayam kay G. Mc Donalds Domingo M. Pascual. 29 December 2022. Personal interview.

Petty, Martin, and Neil Jerome Morales. "Duterte Puts Philippines Under Quarantine, Says 'We Are in the Fight of our Lives'." *Reuters*, 16 March 2020, https://www.reuters.com/article/us-health-coronavirus-philippines-idUSKBN2130W4.

Pingul, Arvin Lloyd B. Panayam kay G. Arvin Lloyd B. Pingul. 3 December 2022. Personal Interview.